# SINAG NG PAG-ASA



# SINAG NG PAG-ASA



*Pamantayan sa Pagkatuto*

*Nagagamit ang iba't-ibang uri ng panghalip( panao ) sa usapan at pagsasabi tungkol sa sariling karanasan* ***F4WG-If-j-3***

Treasury of Storybooks

* * * * * * * * * * * * * * * * * * *

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval of conditions shall be required for the use for any purpose of statues, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative assembles and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

DEVELOPMENT TEAM


PAARALAN

Sa liblib na nayon ng San Jose may isang pamilyang tahimik na naninirahan sa paanan ng bundok. Labis ang kanilang kahirapan sa buhay kung kaya't maging ang kanilang dalawang anak ay di man lang naranasan ang pumasok sa eskuwelahan.

Isang araw, sa paghahanap ng pagkain ng dalawang magkapatid, nakita nila ang tila isang bahay na may maraming batang naglalaro. Namangha si Elyong sa nakikita. Tinanong niya ang kanyang kuya, "Kuya Binong may mga batang katulad natin, hayun sila, sa tingin mo ano kaya ang kanilang ginagawa?" ang manghang tanong ni Elyong sa kanyang Kuya Binong. "Hindi ko batid aking kapatid ang kanilang ginagawa," tugon ng kanyang kuya.

Muling pinagmasdan ng magkapatid ang mga bata. Malungkot nilang tinatanaw ang mga ito habang sila ay naglalaro. Lumipas ang oras ng kanilang pagmamasid, kinailangan nang ipagpatuloy ng magkapatid ang paghahanap ng pagkain. Makaraan ang ilang oras ng paghahanap ng pagkain masayang umuwi sa bahay ang dalawa.



Sa kanilang tahanan nadatnan niyang nagsisibak ng kahoy ang kanyang ama. Dali-dali siyang lumapit at sinabing "Itay, alam n'yo po ba sa aming pagpunta ni Kuya sa paanan ng bundok may nakita kaming mga bata na masayang naglalaro," ang sabi ni Elyong sa kanyang itay. "Lumapit ba kayo sa mga bata?" tanong ng kanyang itay." Hindi po, Itay," malungkot nitong sagot. Pumasok sa loob ng bahay si Elyong upang asikasuhin ang kanilang pagkaing dala.






Lumipas ang mga araw, sa tuwing pumupunta sa paanan ng bundok ang magkapatid upang maghanap ng pagkain ay lagi nilang tinatanaw ang mga batang may bitbit na karga. Napaisip sila kung ano nga ba ang tunay na ginagawa nila roon.

Sa tagal ng panahon, nakasanayan na nilang pagmasdan ang mga bata. Naisip nilang lapitan ang mga bata ngunit sa pag-aakalang mapapahamak sila ay hindi na nila ito tinuloy.

“Sa tingin mo Kuya, kung lalapitan ba natin sila at kakausapin, hindi kaya sila magagalit?” tanong nito sa kuya. “Hindi ko alam Elyong, ang sabi kasi ni Itay at Inay, hindi tayo dapat nakikipag-usap sa iba maliban sa ating pamilya.” Malungkot na umuwi ang magkapatid dala ang mga nahanap nilang pagkain.

Isang araw, inutusan siya ng ama na pumunta sa paanan ng bundok upang kumuha ng panggatong. Mag-isa siyang bumaba na hindi kasama ang kanyang kuya at sinunod ang utos ng ama. Naglakad siya nang mabilis upang hindi siya gabihin sa daan. Habang kumukuha siya ng panggatong, napagmasdan niya na nakapilang palabas ng bahay ang mga bata. Napaisip si Elyong at tinanong ang sarili “Saan kaya pupunta ang mga batang ito?”

Hinintay niya ang mga bata hanggang sa silang lahat ay nakaalis na. Naisip niya na lapitan sila, ngunit nagdadalawang isip si Elyong kung lalapit ba siya o hindi. Matiyagang nag-isip si Elyong at napagpasyahan niyang bumaba upang tingnan ang bahay na pinupuntahan ng mga bata. Habang papalapit si Elyong at wala ng mga bata sa paligid, may napulot siyang isang bagay, “Ano kaya ito?” nagtatakang tanong ni Elyong sa sarili. Binuksan niya ito ngunit hindi niya maintindihan ang nakasulat dito, kaya’t naisipan niyang dalhin na lamang ito sa kanilang bahay at nagmamadaling umuwi dahil malapit na ring dumilim.

Sa kanilang bahay nag-isip si Elyong ng paraan kung paano lalapitan at kakausapin ang mga bata ngunit takot siya na suwayin ang utos ng kanyang mga magulang.



Sa loob ng bahay, ipinakita niya sa kanyang kuya ang kanyang napulot. “Kuya, tingnan mo ang aking nakita roon sa bahay na kung saan natin natatanaw ang mga bata,” masayang sabi ni Elyong sa kanyang Kuya Binong.

“Naku! Elyong bakit mo ito kinuha?” takot na sabi ni Binong. “Nagkakamali ka Kuya hindi ko ito kinuha o ninakaw,” mariing sabi ni Elyong. “Bukas na bukas maglalakas loob tayong lalapit sa kanila at isasauli ang iyong napulot.”

“Oo Kuya, ibabalik natin ito sa kanila,” saad ni Elyong.



Kinabukasan, maagang nagpaalam ang magkapatid sa kanilang mga magulang na maghahanap sila ng makakain. Habang wala ang kanilang dalawang anak, nag-usap ang mag-asawang Selya at Kanor.

"Sa totoo lang, habang pinagmamasdan ko ang ating mga anak, naaawa ako sa kanila, hindi man lang nila naranasan ang makapag-aral katulad ng ibang mga bata riyan," sambit ni Aling Selya kay Mang Kanor.

"Alam mo naisip ko rin iyan, mahirap para sa atin ang makita silang di pumapasok sa paaralan para na rin natin silang pinagkaitan ng karapatang makapag-aral at inalisan ng pag-asa sa buhay," malungkot na sabi ni Mang Kanor sa asawa.

"Natatakot kasi akong kutyain sila katulad nang naranasan natin noon sa paaralan," malungkot din na wika ni Aling Selya.



Habang naglalakad ang magkapatid, nag-usap sila. “Kuya, baka kung ano ang mangyari sa atin kung isasauli natin ito,” sabi ni Elyong. “Huwag kang matakot sasabihin natin ang totoo kung paano ito napunta sa iyo.”

Narating nila ang lugar kung saan nakita ni Elyong ang bagay na napulot niya. “Natatakot ako Kuya,” ang sabi ni Elyong. “Halika lapitan natin ‘yong ale.”

Nilapitan ng magkapatid ang isang ginang na nakabantay sa pintuan. “Magandang umaga po ale,” sabi ni Binong. “Magandang umaga naman anak, may kailangan ba kayo sa akin?” tanong ng ale. ”Opo, nais po naming isauli ang bagay na napulot ng aking kapatid kahapon, heto po,” masayang iniabot ni Elyong dito.”

“Salamat sa inyo sa pagsasauli sa aklat na ito. Hinahanap ito ng aking estudyante.”

“Walang anuman po,” magalang na sabi ni Elyong. “Ako nga pala si Gng, Rosal, isa akong guro,” pagpapakilala nito.

“Kayo ba ay nag-aaral dito?” tanong ng guro. “Hindi po, ngayon lang po kami nakapasok dito sa inyong bahay,

“Naku mga anak ang tawag sa lugar na ito ay paaralan. Dito pumapasok ang mga batang nais matutong magbilang, magsulat at magbasa. Nag-aaral ba kayo sa kasalukuyan?” tanong ni Gng. Rosal.

“Hindi po, di pa po namin naranasan ang pumasok sa paaralan para mag -aral.” sambit ng magkapatid kay Gng. Rosal. “Gusto n’yo bang mag-aral dito? Tutulungan ko kayong makapasok at makapag-aral sa paaralang ito,” wika ni Gng. Rosal. Napangiti sina Elyong at Binong sa tinuran ng guro. Hindi nila alam ang isasagot dahil nagtataka sila kung ano ang ibig nitong sabihin.



Nagpaalam ang magkapatid kay Gng. Rosal at sinabing ipapaalam muna nila ito sa kanilang mga magulang. Dali-daling umalis ang magkapatid dahil baka mag-alala ang kanilang mga magulang. Ang alam nila ay maghahahanap lamang sila ng makakain.

Pagdating sa bahay, nadatnan nila ang kanilang mga magulang. Minabuti ng magkapatid na sabihin na lang ang totoong dahilan kung bakit sila maagang naghanap ng pagkain. Takot man silang dalawa baka sila'y mapapagalitan, kinausap pa rin nila ang kanilang mga magulang sa alok na pag-aaral ni Gng. Rosal sa kanila.

Nilapitan ni Binong ang kanyang mga magulang, "Itay, Inay, may sasabihin po sana kami ni Elyong."

"Ano iyon mga anak?" saad ng mag-asawang Kanor at Selya. "Itay, kaya po kami maagang lumabas ng bahay ay hindi para maghanap ng pagkain bagkus may pinuntahan po kami. Nagpunta po kami sa lugar na madalas naming ikuwento ni Elyong," ani Binong.

Nilahad nila ang pagsauli ng aklat na napulot ni Elyong at ang pag-uusap nila ni Gng. Rosal. Inamin ng magkapatid na inalok sila ng guro na mag-aral sa kanilang paaralan.

Hindi nakakibo ang mag-asawa, hindi nila alam kung ano ang sasabihin sa mga anak. Magdamag na nag-usap ang mag-asawa kung ano ang pasya nila sa alok na pag-aaral ni Gng. Rosal. Kinaumagahan, napagpasyahan ng dalawa na kausapin ang kanilang mga anak.



Sa labis na awa ng mag-asawa sa naranasan ng kanilang mga anak sa pagsilip-silip sa paaralan, napagpasiyahan nilang kausapin at ipaunawa ang dahilan kung bakit ipinagkait nila ang karapatan nilang makapag-aral.

Naunawaan ng magkapatid ang dahilan ng kanilang mga magulang. Humingi sila ng dispensa sa kanilang mga anak kung bakit sa tagal ng panahon ngayon lang nila naisip na kailangan din ng kanilang mga anak na makapag-aral.



Kinabukasan, sinadya ng mag-asawang Selya at Kanor ang paaralan na madalas puntahan ng kanilang mga anak. Kinausap nila si Gng. Rosal kung paano makapapasok ang kanilang mga anak sa paaralan. Tinanggap naman ng buong puso ni Gng. Rosal ang dalawang bata at pinapasok na sila sa paaralan.






Sa unang araw ng mga bata, nahihiya man, binigyan sila ng lakas ng loob ng kanilang mga magulang at guro. Ipinakita at nilibot ni Gng. Rosal ang magkapatid sa buong paaralan. Manghang-mangha ang dalawa dahil sa tagal ng panahon nakapasok sila sa paaralang akala nila noo'y bahay. Binigyan din sila ng mga gamit gaya ng mga notbuk, papel, lapis, at aklat. Noon lamang napagtanto ng magkapatid ganoon pala ang pakiramdam nang makapasok sa paaralan at makahawak ng mga aklat.

Unti-unting nakasanayan na ng mga bata ang pumasok nang maaga sa paaralan. Maraming bagay ang natutuhan ng magkapatid sa itinuturo ng guro at nalaman nila na napakarami palang makukuha sa pagpasok nila sa paaralan. Ibinabahagi rin nila sa kanilang magulang ang mga napag-aaralan sa araw-araw na pagpasok sa paaralan. Maging ang pagbabasa ng aklat ay ginagawa na ring libangan ng kanilang pamilya sa oras na wala silang ginagawa sa bahay.

Minsa'y nasambit ni Elyong sa kanyang magulang, "Itay, Inay, ang sarap po pala ang makapasok sa paaralan at matuto ng iba't ibang mga bagay. Noon lahat ng maling akala ko sa nakikita ko tuwing dadaan kami ni Kuya sa lugar na iyon ay napakaganda pala. Salamat po, dahil pinayagan n'yo kaming makapasok sa paaralan at matuto kami ni Kuya. Lubos po ang aking saya dahil sa wakas natuto na akong magbasa at magsulat. Hindi na ako mahihiyang lumapit sa ibang bata at umiwas sa kanila dahil katulad na rin po nila kami ni Kuya na nakakapag-aral araw-araw."







Labis ang pasasalamat ng mag-asawa kay Gng. Rosal dahil kung hindi dahil sa kanya, di naranasan ng kanilang mga anak ang makapag-aral at mamuhay kagaya ng ibang mga batang pumapasok sa paaralan.

Natutuhan din ng mag-asawa na napakahalaga ng eskuwelahan sa paghubog ng kakayahan ng kanilang mga anak. Mula noon, kahit ano pang gawain mayroon ang kanilang mga anak sa paaralan, sinusuportahan nila sa abot ng kanilang makakaya.

Napagtanto rin nila na hindi dapat mawalan ng pag-asa, bagkus lalo pang magsikap para sa kakaharapin pang bukas ng kanilang mga anak.



Sa kuwentong Sinag ng Pag-asa, may isang pamilya na nakatira sa paanan ng bundok. Dito naninirahan sina Mang Kanor kasama ang kanyang asawa na si Aling Selya at dalawang anak na lalaki na sina Binong at Elyong. Hindi nakapag-aral ang magkapatid. Bakit kaya? Ano-ano ang dahilan kung bakit hindi nakatuntong sa paaralan ang dalawang bata? Tunghayan natin sa kuwentong ito.

